Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

2 Hunyo 2024 Dakilang Kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ng Panginoon Taon B

ANG EUKARISTIYA: Ang Tatak ng Dakilang Tipanan

Ang Eukaristiya ay palagiang pagunita na sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay sa Krus, pinagtibay ni Hesus ang kasunduan ng Ama at ng buong sangkatauhan. Tuwing ipinagdiriwang natin ang Eukaristiya, sinasariwa natin ang kaisahang ito sa Diyos bilang mga miyembro ng Kanyang bagong Hinirang na Bayan, ang Simbahan.

Dapat ito ay maging sapat na dahilan kung bakit hindi tayo dapat na maging mga tagapanood lamang habang ipinagdiriwang ang Eukaristiya. Kabilang tayo sa mga "nakipagkasundo" at mga tagapakinabang sa Kasunduan. Ang taos-puso nating paglahok sa pagdiriwang ay patunay sa ating kapasiyahang magpatotoo sa ating pakikipagkasundo sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos at sa kapwa, gaya ng itinuro at ginawa ni Hesus.

Sa pagdiriwang natin ng Dakilang Kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ni Kristo, nawa'y maipahayag natin sa buhay ang ating pagmamahal sa Eukaristiya.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Pinakamabuting trigo ipinakaing totoo ng Diyos sa mga tao, sarap na kanilang gusto, tamis ng pulot sa bato.

Pagbati

***P*– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!**
***B*– Amen!**
***P* –Papuri at parangal kay Hesukristong Tagapaghatid ng Bagong Tipan. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!**
***B* –At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P* –Bawat pag-aalay ng Eukaristiya ay pagsasariwa sa mapagligtas na Tipang nagbubuklod sa atin sa Diyos. Bilang paghahanda, manihimik tayo sandali at gunitain ang ating mga pagkakasala at ihiling sa Panginoon ang kapatawaran.** *(Manahimik saglit.)*

***P* –Panginoong Hesus, tanging tagapaghatid at bukal ng aming kaligtasan. Panginoon, kaawaan mo kami!**
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –Panginoong Hesus, sa pamamagitan ng masaganang pagdaloy ng Iyong dugo, ay naganap ang aming pakikipagkasundo sa Ama.Kristo, kaawaan mo kami!**
***B* –Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –Panginoong Hesus, ikaw ang bukal ng biyayang kailangan namin upang maging tapat sa Kasunduan. Panginoon, kaawaan mo kami!**
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.**
***B* –Amen!**

Papuri

***B* –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P– Diyos na totoo at tao namang totoo, Panginoon naming Hesukristo, ang Huling Hapunan ay inilagak mo para kami'y magkasalu-salo sa alaala ng iyong pagpapakasakit ukol sa mga tao. Ipagkaloob mo ang aming kahilingang ang iyong Katawan at Dugo ay aming idangal sa pagdiriwang upang ang dulot mong kaligtasan ay lubos naming mapakinabangan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Ex 24:3-8***
Ang Kasunduan sa Sinai ay isang "batayang saglit" sa kasaysayan ng Hinirang na Bayan. Kaya naman ang pagpapatibay rito ay matapat na nakatala sa Bibliya para alalahanin at angkinin ng lahat ng salinlahi.

L– Pagbasa mula sa Aklat ng Exodo

Noong mga araw na iyon, lahat ng iniutos ng Panginoon ay sinabi ni Moises sa mga Israelita. Ang mga ito nama'y parang iisang taong sumagot, "Lahat ng iniuutos ng Panginoon ay susundin namin."

Isinulat ni Moises ang lahat ng utos ng Panginoon. Kinabukasan, maagang-maaga siyang nagtayo ng altar sa paanan ng bundok. Nagtayo rin siya ng labindalawang bato, na kumakatawan sa labindalawang lipi ni Israel. Pagkatapos, inutusan niya ang ilang kabataang lalaki na magdala sa altar ng mga handog na susunugin. Sila rin ang inutusan niyang pumatay ng mga hayop na gagamiting handog sa pakikipag-tipan sa Panginoon.

Ang kalahati ng dugo ng pinatay na hayop ay inilagay niya sa malalaking mangkok at ang kalahati'y ibinuhos niya sa altar. Kinuha niya ang aklat ng tipan at binasa nang malakas. Sabay-sabay namang tumugon ang mga Israelita, "Susundin namin ang lahat ng utos ng Panginoon." Pagkatapos, kinuha ni Moises ang mga mangkok ng dugo at winisikan ang mga tao. Sinabi niya, "Ang dugong ito ang siyang katibayan ng pakikipagtipang ginawa sa inyo ng Panginoon sa pagbibigay sa inyo ng kautusang ito."

Ang Salita ng Diyos!
B **–Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 115***

B –Sa Panginoong tumubos, kalis ng inumi'y handog!

R. M. Velez



*** Sa Diyos ko't Panginoon, ano'ng aking ihahandog sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob? Ang handog ko sa dambana, ay inumin na masarap, bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas.** ***B.***

*** Masakit sa kalooban ng Poon kung may papanaw, kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam, katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos yamang ako'y iniligtas, kinalinga at tinubos.** ***B.***

*** Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat, ang handog kong panalangi'y sa iyo ko ilalagak. Sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Heb 9:11-15***
Si Hesukristo ay hindi lamang siyang Tagapamagitan at Punong Saserdote ng Bagong Kasunduan, kundi siya ring Handog mismo. Sa kanyang dugo pinagtibay ang Bagong Kasunduan.

L– Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Mga kapatid, dumating na si Kristo, ang Dakilang Saserdote ng bagong tipan. Siya'y naglilingkod doon sa sambahang lalong dakila at walang katulad, hindi ginawa ng tao, alalaong baga'y wala sa sanlibutang ito. Minsan lamang pumasok si Kristo sa Dakong Kabanal-banalan, at iyo'y sapat na. Hindi dugo ng mga kambing at bisirong baka ang kanyang dalang handog, kundi ang sariling dugo, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan natin.

Ang dugo ng mga kambing at mga toro at ang abo ng dumalagang baka ay iwiniwisik sa mga taong itinuturing na marumi. Sa gayon, sila'y nagiging malinis ayon sa Kautusan. Ngunit higit na di hamak ang magagawa ng dugo ni Kristo. Sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu ay inialay niya sa Diyos ang kanyang sarili na walang kapintasan. Ang kanyang dugo ang lumilinis sa ating puso't isip upang talikdan na natin ang mga gawang walang kabuluhan at paglingkuran ang Diyos na buhay.

Ang Salita ng Diyos!
B **–Salamat sa Diyos!**

Awit tungkol sa Mabuting Balita

Pagkaing mula sa langit
ngayo'y hain sa daigdig.
Handog na kaibig-ibig
kailanma'y hindi masasaid.

Paghahai'y inilahad
nang ialay si Isaac,
ang korderong nagliligtas,
ang manna ng nagsilikas.

Pastol naming mapagmahal,
kami'y iyong kaawaan,
gawing dapat makinabang
sa pagkaing iyong alay
hanggang langit ay makamtan.

Magagawa mo ang lahat
upang tanan ay maligtas,

akayin mo sa 'yong hapag
lahat kaming 'yong alagad
sa buhay mong walang wakas.

Aleluya *Jn 6:51*

B **–Aleluya! Aleluya!**
Pagkaing dulot ay buhay, si Hesus na Poong mahal. Buhay natin s'ya kailanman.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mc 14:12-16. 22-26*

Batid ni Hesus na sumapit na ang oras ng pagpatay sa kanya bilang handog ng Bagong Kasunduan. Sa pagpapatunay sa kanyang dakilang pag-ibig, pinangunahan niya ang pag-aalay ng kanyang sarili sa krus sa pamamagitan ng pagtatatag sa Eukaristiya. Sa pamamagitan nito, ang bago't walang hanggang Kasunduan ay tuwinang sinasariwa sa Simbahan.

P **–**Sumainyo ang Panginoon!
B **–At sumaiyo rin!**
P **–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B **–Papuri sa iyo, Panginoon!**

Unang araw ng Pista ng Tinapay na Walang Lebadura, araw ng pagpatay ng kordero para sa Paskuwa. Tinanong si Hesus ng kanyang mga alagad, "Saan po ninyo ibig na ipaghanda namin kayo ng Hapunang Pampaskuwa?" Inutusan niya ang dalawa sa kanyang mga alagad, "Pumunta kayo sa bayan. May masasalubong kayong isang lalaki na may dalang isang bangang tubig. Sundan ninyo siya sa bahay na kanyang papasukan at sabihin ninyo sa may-ari, 'Ipinatatanong po ng Guro kung saang silid siya maaaring kumain ng Hapunang Pampaskuwa, kasalo ng kanyang mga alagad.' At itituro niya sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na mayroon nang kagamitan. Doon kayo maghanda para sa atin." Nagtungo sa bayan ang mga alagad at natagpuan nga nila roon ang lahat, gaya ng sinabi niya sa kanila. At inihanda nila ang Hapunang Pampaskuwa.

Samantalang sila'y kumakain, dumampot ng tinapay si Hesus, at matapos magpasalamat sa Diyos ay kanyang pinaghati-hati at ibinigay sa mga alagad. "Kunin ninyo; ito ang aking katawan," wika niya. Hinawakan niya ang kalis, at matapos magpasalamat ay ibinigay sa kanila; at uminom silang lahat. Sinabi niya, "Ito ang aking dugo ng tipan, ang dugong mabubuhos dahil sa marami. Sinasabi ko sa inyo, hindi na ako iinom ng alak na mula sa ubas hanggang sa araw na inumin ko ang bagong alak sa kaharian ng Diyos."

Umawit sila ng isang imno, at pagkatapos ay nagtungo sa Bundok ng mga Olibo.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
B **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B **–**Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–**Bunsod ng pasasalamat sa dakilang kaloob ng Eukaristiya at hatid ng taos-pusong pananananalig sa walang hanggang awa ng ating Banal na Tagapagligtas, tayo'y magdulog sa kanya ng ating mga kahilingan:

B **–Panginoon, alang-alang sa iyong Katawan at Dugo, pabanalin mo kami!**

* Para sa Simbahan na siyang Katawang Mistiko ni Kristo: Nawa'y ang Eukaristiya ang siyang maging bukal ng kanyang paglago at pagkakaisa. Manalangin tayo! ***.B***

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, pari, at laikong naglilingkod sa Eukaristiya: Nawa'y ang mga buhay nila'y maging kapani-paniwalang saksi sa kabanalan ng Eukaristiya at sa banal na paglilingkod. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga maysakit, mga naaapi, at nangungulila: Makatagpo nawa sila sa Eukaristiya ng tiyak na bukal ng pag-asa at kaligtasan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa kabataan ng ating bayan: Nawa'y matagpuan nila sa Eukaristiya ang hinahangad nila sa buhay at ang espirituwal na pampalusog na kanilang kailangan tungo sa katuparan ng kanilang mga pangarap. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating pamayanan at bawat isa sa atin: Nawa'y ang Eukaristiya ay maging bukal ng ating pagkakaisa at inspirasyon para sa buhay ng paglilingkod. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga migranteng umiiwas sa gutom at giyera na napipilitang mangibang-bayan sa kabila ng panganib at karahasan: Makatagpo nawa sila ng pagtanggap at pagkalinga sa mga bayang magbubukas ng pintuan sa kanila. Manalangin tayo! ***B.***

P **–**Panginoong Diyos, nawa ang aming paglahok sa Eukaristiya ngayon ay makapagpatibay sa aming kapasiyahang maging tapat sa aming Kasunduan sa Iyo, hanggang sapitin namin ang walang hanggang Piging na Iyong inihanda para sa amin sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.
B **–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P **–**Manalangin kayo . . .

***B* –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P* –**Ama naming Lumikha, bigyan mo ngayon ang iyong sambayanan ng mga kaloob na pagkakaisa at kapayapaan na ipinahihiwatig ng mga alay namin sa paghahaing ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

Prepasyo sa Huling Hapunan I

***P* –**Sumainyo ang Panginoon!
***B* –At sumaiyo rin!**
***P* –**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B* –Itinaas na namin sa Panginoon!**
***P* –**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B* –Marapat na siya ay pasalamatan!**
***P* –**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ang talagang dakila at lagi mong ikinalulugod na paring naghahain para sa sansinukob nitong pag-aalay na tangi mong ibinukod. Ang ipinagdiriwang sa Huling Hapuna'y paghahain niya para sa tanan upang alalahanin nami't pagsaluhan. Ang laman niya'y inihain upang lahat ay buhayin. Ang dugo niya'y dumanak nang lahat ay mapatawad.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B* – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**
***P* –** Hinihiling namin . . .
***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P* –**Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B* –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

"Ang nagsasalo sa buhay ng sariling aking alay, sa akin ay mananahan, ako ay makakapisan," ani Hesukristong mahal.

Panalangin Pagkapakinabang

***P* –** Panginoong Hesukristo, hinihiling naming kami'y gawin mong makasalo nang lubusan sa bunga ng banal na pakikinabang sa iyong buhay na idinudulot sa piging ng paghahain ng iyong Katawa't Dugong banal kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**
***P* –**Magsiyuko kayo at hilingin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
–Nawa'y itulot ng Ama ng awa na kayo'y maging tapat sa Kasunduang pinagtibay ng dugo ni Kristo.
***B* –Amen!**
***P* –**Pagkalooban Niya nawa kayo ng lakas para mapagbago ang inyong buhay at ito'y maging isang palagiang pagdiriwang ng Eukaristiya.
***B* –Amen!**
***P* –**Nawa'y iligtas Niya kayo sa lahat ng panganib at akayin sa daan ng kapayapaan.
***B* –Amen!**
***P* –**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**
***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo at taglaying lagi ang Eukaristiya sa inyong buhay.
***B* –Salamat sa Diyos!**

**Tune in to Radio Veritas (846 kHz)
every Saturday from 5:00 to 6:00 p.m.
and listen to BISPERAS SA VERITAS
the interactive radio program that helps you discover
– the messages of each Sunday Theme and Biblical readings, and
– how they can empower your life, your family, and your community.**

BISPERAS SA VERITAS 846 kHz-AM

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, L. Balboa, V. David, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

TAPON, TIPON, TIPAN

Kalakbay at Katoto

Kung mayroong isang pwede nating sabihin tungkol sa Eukaristiya, ang hiwaga ng Banal na Katawan at Dugo ng Panginoong Hesukristo, malamang na magkakasundo tayo agad… **ang katotohanang ang Eukaristiya ay sobrang yaman, at sobrang lalim at lawak ang kahulugan at kahalagahan sa buhay nating lahat.**

Pero pwede nating bigyang lagom ang lahat sa tatlong kataga: Tapon, Tipon, at Tipan. Ang Eukaristiya ay may kaugnayan sa ritwal ng sakripisyo sa Lumang Tipan, kung kailan ang dugo ng korderong iniaalay sa templo ay pinadadaloy o ipinagkakaloob sa dambana at iwiniwisik sa mga tao. **Ang dugo ng korderong inialay sa templo sa Lumang Tipan ay napalitan ng pagdaloy ng dugo ng kordero ng Diyos, si Kristo nang nabayubay sa krus. Ito ang buod ng katagang TAPON.**

Kung paanong ang bayang pinili ng Diyos ay nagkaisa sa pagwiwisik ng dugo ng inialay na kordero sa dambana, ang bunga ng pagkabuhos ng dugo ni Kristo ang kordero ng Diyos ay nagbunga ng isang maigting na pagtitipon o pagkakaisa sa ating lahat na nananagana sa sakripisyong isinagawa ng Panginoong Hesukristo sa altar ng Kalbaryo. **Ang Eukaristiya ay ang sakramento ng dakilang kaisahan, ang maigting na pagtitipon ng mga mananampalataya.**

Subali't ang pinakamahalaga ay may kinalaman sa Eukaristiya bilang dakilang tatak o tanda ng dakila ring TIPAN sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan. **Ang TIPANAN na ito ay nabigyang katibayan sa pagbuhos ng dugo, tulad nang ang dugo ng inialay na kordero ay iwinisik sa mga Israelita bilang tanda ng kanilang pangako sa Diyos na siyang unang nangako sa kanila.**

Ang lahat ng ito ay nagtuturo sa isang napakahalagang katotohanan sa ating pananampalataya. Ang Banal na Eukaristiya ay halaw sa kasaysayan ng bayang hinirang ng Diyos. Ang parehong Eukaristiya ay nakabatay sa kasaysayan at sa Banal na Kasulatang nagtatala ng kasaysayan ng kaligtasan, magmula noong Lumang Tipan magpahanggang ngayon kung kailan tayo ay nananagana sa bisa ng Bagong Tipan, **ang Bagong Kasunduan ng Diyos at ng tao na nagkabisa at naging makatotohanan nang si Kristo ang Kordero ng Diyos ay mag TAPON ng dugo at buhay, upang mapag TIPON ang kanyang bagong bayang hinirang, at mapagkalooban ng isang BAGONG TIPAN na naghahatid sa buhay na walang hanggan.**